Fact Sheet sa Panukalang Pagbabago sa Ordinansa sa Pasilidad ng Toll ng BAIFA

Ang fact sheet na ito ay naglalarawan ng mga napanukalang pagbabago sa Bay Area Infrastructure Financing Authority (BAIFA) Express Lanes Toll Facility Ordinance at kung paano aktibong makakalahok ang publiko bago maisaalang-alang ng gumagawa ng desisyon ang pag-apruba sa mga ito.

ANO ANG EXPRESS LANES?

Ang Express Lanes ay espesyal na itinalagang mga highway lane na nag-aalok sa mga driver ng pagpipilian na makatipid ng oras sa pamamagitan ng pagbabayad ng toll habang nagbibigay ng gantimpala sa mga carpooler na may parehong oras na matitipid sa mas mababang halaga. Lalo pang alamin ang tungkol sa Express Lanes sa expresslanes.511.org.

ANO ANG BAIFA?

Ang Bay Area Infrastructure Financing Authority (BAIFA), isang pinagsanib na lakas ng awtoridad sa pagitan ng Metropolitan Transportation Commission (MTC) at ng Bay Area Toll Authority (BATA), ay nangangasiwa sa pinansiyal, pagpaplano, at operasyon ng MTC Express Lanes at mga kaugnay na proyekto sa transportasyon. Ang BAIFA ay namamahala ng MTC Express Lanes at nakikipagtulungan sa mga Caltrans, California Highway Patrol at mga ahensiya ng transportasyon sa county ukol sa pangkalahatang network ng Bay Area Express Lanes.

ANO ANG ORDINANSA NG PASILIDAD SA TOLL (TOLL FACILITY ORDINANCE)?

Ang ordinansa ay nagtatatag ng mga toll sa express lanes, isang proseso ng pagkolekta, at mga parusang sibil para sa pag-iwas ng mga toll sa express lanes ng MTC. Lalo pang alamin ang tungkol sa kasaysayan ng ordinansa ng pasilidad sa toll at suriin ang bersyon na kasalukuyang umiiral na nasa mtc.ca.gov/express-lanes-policies.

ANONG MGA PAGBABAGO ANG PINAPANUKALA?

Isinasaalang-alang ng BAIFA ang limang pagbabago:

1) **Interstate 80 Express Lanes:** Magpatibay ng mga polisiya sa toll para sa mga bagong gawang I-80 Express Lanes sa Solano County. Dapat idagdag ang bagong koridor sa ordinansa bago pa simulan ang operasyon sa toll sa bandang huli ng taon na ito.
2) **Mga Pilot**: Taasan ang pinapayagang timeframe at mga parameter para sa mga pilot project sa BAIFA Express Lanes. Maaaring palawigin ang mga pilot nang lampas sa kasalukuyang limitasyon na tatlong taon sa ilang partikular na sitwasyon, at papayagan ang mga pilot na subukan ang mga alternatibong oras at araw ng linggo para sa operasyon ng toll.
3) **Pinakamababang Toll:** Taasan ang pinakamababang toll kada sona mula $0.50 hanggang $0.75 para sa lahat ng BAIFA Express Lanes. Ang pinakamababang toll ay ang toll kapag kakaunti o wala ang pagkasiksikan, at tinitiyak ng pagtaas na ang bawat naturang transaksyon ay sinasaklaw ang halaga ng transaksyon.
4) **Clean Air Vehicle (CAV):** Linawin na ang diskwento sa CAV ay magtatapos sa Setyembre 2025, sa huling bahagi ng umiiral na batas ng pederal tungkol sa paggamit ng CAV ng carpool lanes nang walang kwalipikadong bilang ng mga nakasakay maliban kung masusugan ang batas bago dumating ang petsang iyon.
5) **Toll Zones:** Ayusin ang mga hangganan ng toll zones sa southbound I-680 upang ipakita ang pagpunan ng puwang (gap closure) sa pagitan ng express lanes ng BAIFA at Alameda CTC sa I-680.

Ang iba pang maliliit na paglilinaw at gawing katanggap-tanggap ang lenggwahe ay iminumungkahi din.

Fact Sheet sa Panukalang Pagbabago sa Ordinansa sa Pasilidad ng Toll ng BAIFA

ANONG EXPRESS LANES ANG APEKTADO?

Ang mga pagbabago ay makakaapekto sa lahat ng BAIFA Express Lanes: ang I-680 Express Lanes sa Contra Costa County, ang I-880 Express Lanes sa Alameda County, at ang bagong I-80 Express Lanes sa Solano County (magbubukas sa Taglagas 2025).



ANO ANG ISKEDYUL PARA PAGTIBAYIN ANG MGA PAGBABAGO?

- Ang mga nakasulat na komento ng publiko ay dapat natanggap nang Mayo 9, 2025 sa ganap na 5 p.m.
- Pampublikong pagdinig: Mayo 9, 2025
- Pagpapatibay ng boto: Hunyo 25, 2025

PAANO AKO MAAARING MAGKOMENTO SA MGA PAGBABAGO?

Maaari kayong magsumite nang nakasulat na komento: online sa mtc.ca.gov/legal-notices; magpadala ng email sa expresslanes@bayareametro.gov; sa pamamagitan ng pagsulat sa MTC's Public Information Office na nasa 375 Beale Street, Suite 800, San Francisco, CA, 94105; o sa fax sa 415.536.9800. Tatanggapin ang mga komento hanggang Mayo 9, 2025 sa ganap na 5:00 p.m.; mangyaring gawing reference ang 'BAIFA Toll Facility Ordinance' bilang paksa.

Maaari din kayong magbigay ng komento nang personal sa pampublikong pagdinig sa Mayo 9, 2025.

MAHALAGA BA ANG MGA KOMENTO?

Oo! Ang mga nakaraang komento ay nagbigay-daan sa mga bagong programa at polisiya para sa express lanes. Ang mga nakasulat na komento sa panukalang ito ay gagawan ng buod at ipapakita sa mga gumagawa ng desisyon bago sila bumoto sa mga pagbabago.

SAAN PA AKO MAAARING MATUTO?

Alamin ang higit pa tungkol sa pagbabago ng ordinansa sa toll ng BAIFA sa MTC website: www.mtc.ca.gov/BAIFA-toll-ordinance.

Kailangan ba ninyo ng isang interpreter o anumang iba pang tulong para makalahok? Mangyaring tumawag sa 415-778-6757. Kailangan namin ng hindi bababa sa tatlong araw ng trabaho na paunawa upang matugunan ang mga kahilingan sa interpreter. Para sa TDD o may kahinaan sa pandinig, tumawag sa 711, California Relay Service, o 1-800-735-2929 (TTY), 1-800-735-2922 (voice) at hilingin na ipasa sa 415-778-6700.

Fact Sheet sa Panukalang Pagbabago sa Ordinansa sa Pasilidad ng Toll ng BAIFA